PRAYER

- Hingin sa Banal na Espiritu na ipakilala ang Kanyang sarili sa iyo habang nakikisalamuha ka sa mga tao sa paligid mo. Ipanalangin na ang mga salitang lalabas sa iyong bibig ay ayon sa gabay ng Espiritu.
- Isipin ang isang kapamilya o kaibigan na kailangang magkaroon ng mas malalim pang pagkakakilala sa Panginoon. Ipanalangin na haplusin ng Banal na Espiritu ang kanyang puso habang nakikita niya ang paraan mo ng pamumuhay.
- Ipanalangin na kumilos ang Banal na Espiritu sa buhay ng mga tao sa komunidad na nakapaligid sa iyo. Ipanalangin na gamitin ka ng Banal na Espiritu habang nakikipag-ugnayan ka sa iyong komunidad.

NOTES

VICTORY

© 2018 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

MAKE ROOM

Ang Pagkatao ng Banal na Espiritu

WARM-UP

- Ikuwento ang isang pagkakataon kung saan sinamahan ka ng isang kaibigan habang ginagawa mo ang isang tungkulin o bilin, o kaya ay habang nagaganap ang isang mahalagang pangyayari sa buhay mo. Ano ang naramdaman mo?
- Naranasan mo na bang tuparin ng isang kaibigan o mahal sa buhay ang ipinangako niya sa iyo? Ano ang nangyari?
- Ano ang nararamdaman mo sa tuwing nakakatanggap ka ng sulat mula sa isang taong malayo sa iyo?

WORD

13 "Pero pagdating ng Banal na Espiritu na siyang tagapagturo ng katotohanan, tutulungan niya kayo para maintindihan ninyo ang lahat ng katotohanan. Ang ituturo niya ay hindi galing sa kanya; sasabihin niya kung ano lang ang narinig niya at ipapahayag din niya sa inyo ang tungkol sa mga bagay na darating. 14 Pararangalan niya ako dahil sa akin manggagaling ang lahat ng ipapahayag niya sa inyo. 15 Ang lahat ng nasa Ama ay nasa akin, kaya sinabi kong sa akin manggagaling ang lahat ng ipapahayag niya sa inyo."

JUAN 16:13-15

Ang Banal na Espiritu ang Espiritu ng katotohanan na ipinangako at ipinadala ni Jesu-Cristo upang makasama ng Kanyang mga disipulo, para gabayan sila at ipaalam ang Salita at kagustuhan ng Diyos sa kanila. Sa araling ito, ating titignan kung sino ba ang Banal na Espiritu at kung paano tayo dapat makipag-ugnayan sa Kanya.

1 Ang Banal na Espiritu ay ipinangako ni Jesus.

"Pero ang totoo, para sa ikabubuti ninyo ang pag-alis ko, dahil hindi paparito sa inyo ang Tagatulong kung hindi ako aalis. Pero kapag umalis na ako, ipapadala ko siya sa inyo." **JUAN 16:7**

Habang ipinapaalala ni Jesus sa mga disipulo ang Kanyang darating na kamatayan at muling pagkabuhay, sinabihan Niya ang mga disipulo na ang Banal na Espiritu ay darating upang makasama nila. Ang Banal na Espiritu na ipinangako ni Jesus ang Siyang *Tagatulong* at Kaagapay, palagi nating kasama at hindi kailanman iiwan ang ating tabi. Paano mo naramdaman ang pagsama sa iyo ng Banal na Espiritu?

2 Ang Banal na Espiritu ay nangungusap at gumagabay sa atin.

"Pero pagdating ng Banal na Espiritu na siyang tagapagturo ng katotohanan, tutulungan niya kayo para maintindihan ninyo ang lahat ng katotohanan. Ang itututuro niya ay hindi galing sa kanya; sasabihin niya kung ano lang ang narinig niya at ipapahayag din niya sa inyo ang tungkol sa mga bagay na darating." **JUAN 16:13**

Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na ang Kanyang Espiritu na makakasama nila ay ang Espiritu ng katotohanan, at gagabayan sila at ipapahayag sa kanila ang *tungkol sa mga bagay na darating*. Alam ng Diyos ang lahat, at dahil ang Banal na Espiritu ay Diyos, Siya rin ay nakakaalam ng lahat ng bagay. Ang Banal na Espiritu ay hindi isang puwersa lamang kundi isang Persona na matiyagang gumagabay sa atin para maintindihan natin ang lahat ng katotohanan. Paano ka ginagabayan ng Banal na Espiritu?

3 Ang Banal na Espiritu ay ganap na kaisa ng Ama at ng Anak.

14"Pararangalan niya ako dahil sa akin manggagaling ang lahat ng ipapahayag niya sa inyo. 15Ang lahat ng nasa Ama ay nasa akin, kaya sinabi kong sa akin manggagaling ang lahat ng ipapahayag niya sa inyo." **JUAN 16:14,15**

Ganito inilarawan ni Jesus ang Trinity o tatlong persona sa iisang Diyos: kay Jesus *manggagaling ang lahat ng ipapahayag Niya sa inyo.* Ang lahat ng nakay Jesus ay nasa Ama rin, at ang lahat ng nasa Banal na Espiritu ay galing kay Jesus. Ang tatlong ito, ang Ama, Anak, at Banal na Espiritu, ay gumagawa ng mga bagay nang may ganap na pagkakaisa. Nagtitiwala tayo na ang Banal na Espritu na ipinangako ni Jesus ay tulad sa Ama at sa Anak ang pag-iisip. Paano ka nabibigyan ng kaalamang ito ng katiyakan? Paano ito pinagmumulan ng kaginhawaan sa ating pamumuhay ngayon?

APPLICATION

- Naniniwala ka ba na ang Banal na Espiritu ang gumagabay sa iyo sa pagharap mo sa bawat araw? Hingin sa Banal na Espiritu na mas makilala mo pa Siya.
- May bahagi ba ng buhay mo na pakiramdaman mo ay hindi mo kayang harapin ng mag-isa? Paano mo mapahihintulutan ang Banal na Espiritu na tulungan ka sa bagay na ito?
- Binibigyan tayo ng Banal na Espiritu ng mga salitang maaari nating sabihin sa ibang tao. Sino ang isang tao na magagawa mong bahaginan ng ebanghelyo ngayong linggo?